

Mula sa *Chi*

Mesánel Virtusio Arguelles

ANO

Kung gusto mong malaman kung ano ang kahulugan ng mga kumplikasyon, ang agwat ng malapit pero malayo, ang aalis o darating na kakulangan.

Kung titingnan mo, depende kung ano: ilang yapak bago ang hagdanan, anong oras lumalabas ang ipis, saang butas lumalabas ang mga daga o butas na kailangan na namang takpan.

May malaking kung ano, na hindi maikailang bigat at lungkot.

Minsan naman, hindi ko alam kung bakit.

Hindi ko makalimutan ang hindi ko alam.

Buo ang kapisaso.

At sa tagisan ng mga sasakyang dumadaan, pa'no ka tumitigil para panoorin ang masayang ingay at panandaliang aliw.

May mga kahon ng kung ano, walang labis at walang kulang.

Walang araw na hindi na babalik pero ang pag-alis ay hindi ko maintindihan habang naghahanap ng permanenteng paglulugaran.

VERA

Sa maniwala ka't hindi sa Diyos, may mga seryosong bagay mula sa punto ng bata.

Kailangan mong abutin ang pinakadulo.

Ang isang buo at ang kalahati.

May oras para maglaro.

Ewan kung meron pa ngayon.

Madaling sabihin at madaling magpanggap na alam kung anuman ang ikot ng mundo.

Subalit sa totoo lang, ano?

Nahirapan akong magpaliwanag.

CHO

At sa mga mata mo, nawawala na ang ningning at nahihirapang maghanap ng panahon.

Ilang beses sa isang taon.

Minsan, ang bigat ng pakiramdam sa buong buhay.

Wala akong iniisip.

Hindi ko alam, hindi ko alam kung pa'no ang sitwasyon sa dulo ng isang engkuwentro.

Hindi na ako tumitingin, malabo na ang mata ko; ang salamin ko.

May nakuha ako.

Pero hindi pala.

Nawala at hindi ko na ulit nakuha.

Dito nagsimula ang posible ay nakuha mo sa kuwento ng iba.

Mula sa hindi inaasahan at tsamba.

Madalas kung kailangan kong tumakbo, hindi ako tatakbo.

Ang hindi ko maintindihan, hanggang ngayon, hindi ko pa rin maintindihan.

Hindi mo alam ang alam mo.

Marami, marami pang mundo na iba at bago.

Hindi ko nakuha, hindi ko naintindihan.

VERA

May araw-araw na dumadaan sa mga bagay-bagay.

Walang paliwanag.

Hinahanap ko ang liwanag ng pananaw.

Sa kagandahang hinahanap ko.

Ang hindi tiyak lagi ang ibig sabihin.

“Ano? Ano ulit?”

Hindi mo maibabalik ang pagkakataong pakawalan ang pagkakataong hawak mo.

Lahat, lahat ay pagtatangka.

Hindi ako tumakbo sa buong buhay ko.

Walang nagbago, sa kung anumang dahilan, hindi dapat magbago ang buhay mo.

OLÉ

Pagbali-baliktarin man, wakas ang sigurado.

Marami akong naririnig na gusto kong malaman kung tutoo o hindi.

Kung posible.

Ang nakakalungkot, madalas ay hindi mo alam ang koneksyon ng mga bagay-bagay.

Ang udyok ng salita: ang hindi inasahan at inakala.

Walang katumbas ang bawat posibilidad.

Hindi man alam kung ano ang mangyayari, kung ano ang tatakbuhin.

Hanggang sa dulo, sinusulat ko lang kung saan ko ilalagay ang kamay ko at wala nang iba.

Kahit hanggang ngayon.

Hindi man lagi ang ngayon.

Hindi man marami ang panahon.